# KARANASAN NG MGA MADRE

**ARLENE C. DIMAFELIX**
**CARLA G. NIMER**

Di-gradwadong tesis na ipinasa sa kaguruan ng Departamento ng Sikolohiya
Kolehiyo ng Sining at Agham, Central Luzon State University
Lungsod Agham ng Muñoz, Nueva Ecija, Philippines
Bilang Katuparan ng mga Pangangailangan
para sa Kursong

**BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA**

**HUNYO 2018**

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang di-gradwadong tesina na may pamagat na **KARANASAN NG MGA MADRE**, inihanda at ipinasa nina **ARLENE DIMAFELIX** at **CARLA NIMER** bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA** ay tinanggap at sinang-ayunan.

**MYLENE G. SACRO**
Tagapayo

6-4-18
Petsa

**ROBINSON Z. LUMONTOD III**
Tagasuri

6-4-18
Petsa

**ANGELO R. DULLAS**
Tagapamahala ng Pananaliksik
Departamento ng Sikolohiya

6-4-18
Petsa

Tinanggap at sinang-ayunan bilang pagtupad sa pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA**.

**ANGELO R. DULLAS**
Tagapangasiwa, Departamento ng Sikolohiya

6-4-18
Petsa

**RICH MILTON R. DULAY, M.Sc.**
Tagapamahala ng Pananaliksik
Kolehiyo ng Sining at Agham

6/4/18
Petsa

**EVARISTO A. ABELLA, Ph.D.**
Dekano, Kolehiyo ng Sining at Agham

6-4-18
Petsa

## ANG MAY AKDA

Ang mananaliksik na si Arlene Caballero Dimafelix ay nakatira sa Barangay Don Montano, Umingan, Pangasinan. Ipinanganak noong ika-9 ng Oktobre taong 1994 sa Barangay Don Montano. Ang kanyang mga magulang ay sina Ginoong Luisito L. Dimafelix at Ginang Milagros C. Dimafelix.

Siya ay nagsimulang nag-aral ng elementarya taong 2001 sa Don Montano, Elementary School at nagtapos ng taong 2007. Nakapagtapos siya ng sekondarya sa Umingan National High School, Burgos St. Poblacion West, Umingan, Pangasinan taong 2011. Pagkatapos niya sa sekondarya ay nahinto siya sa pag-aaral ng dalawang taon at pagkatapos ng anim na buwan ay nag-aral siya ng apat na buwan ng bokasyunal digri na *Computer Hardware Services* sa Sta. Catalina College of Science and Technology noong buwan ng Enero hanggang Mayo taong 2012. At makalipas ang dalawang taon ay nag-aral siya ng tersiyaryo sa Central Luzon State University, Muñoz, Nueva Ecija at nagtapos ng kursong Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya taong 2018.

# ANG MAY AKDA

Ang mananaliksik na si Carla Gacusan Nimer ay nakatira sa Barangay Guiset, Guimba, Nueva Ecija. Siya ay kasalukuyang dalawampung taong gulang na ipinanganak noong ika-13 ng Pebrero taong 1998 sa Barangay Guiset, Nueva Ecija. Ang kanyang mga magulang ay sina Ginoong Ricky F. Nimer at Ginang Merly G. Nimer.

Siya ay nag-aral ng elementarya sa Guiset Elementary School noong 2004 at nagtapos bilang *salutatorian* taong 2010. Nag-aral siya ng sekondarya sa San Andres High School, San Andres, Guimba, Nueva Ecija taong 2010. Naging bahagi siya ng *campus journalism* bilang *senior associate editor-in-chief* at nagtapos bilang isang *valedictorian* taong 2014 . Nag-aral siya ng tersiyaryo sa Central Luzon State University, Muñoz, Nueva Ecija at nagtapos ng kursong Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya taong 2018.

# PASASALAMAT

Hindi naging madali ang mga tinahak naming hakbang upang mabuo ang tesis na ito. Madaming pagsubok ang aming pinagdaanan, ngunit sa kabila ng aming paghihirap ay nalagpasan namin ito dahil sa mga taong tumulong at walang sawang sumuporta para sa ikagaganda ng aming papel.

Sa aming butihing tagapayo na si **Madam Myles**, maraming salamat po sa iyong oras na inilaan upang magabayan ng maayos ang pag-aaral na aming ginagawa. Sa panahong iginugol niyo para sa ikagaganda ng aming papel. Sa mahabang pasensya, pagtitiis, sakripisyo at sa inyong hindi matatawarang mga payo upang mabuo ang aming tesis. Maraming salamat po sa pagbibigay ng lakas ng loob hanggang sa matapos namin ang aming pag-aaral at sa palaging pagsabi ng "*FIGHTING* kaya niyo yan" sa tuwing pasuko na kami. Lubos ang aking pasasalamat sa hindi pag-iwan sa amin sa laban naming ito. At maraming salamat sa aming masigla at masikap na *panel* **Sir Wawie** at **Sir Robinson** sa kanilang mga komentaryo at payo para sa pagpapahusay ng aming papel. Sa tagapangulo ng kaguruan ng sikolohiya na si **Sir Angelo** maraming salamat po sa pagbabahaagi ng kaalaman at paglalaan ng oras.

Sa aking mga kaibigan **Narciso** at **Rico** salamat sa mga araw na kasama ko kayong nagpupursige upang makapagtapos tayo ng *on time*. Sa mga panahong tinatawanan nalang natin ang ating mga *paper works*. Maraming salamat at naging parte kayo sa *college life* ko dahil kung wala kayo hindi ito naging masaya.

Sa mga kalahok salamat sa pagbabahagi ng inyong kwento at karanasan. Kayo po ang naging pundasyon ng aming pag-aaral upang mapatibay ang aming resulta. Napakalaking kontribusyon ito para sa aming pag-aaral dahil kung hindi sa inyo

posibleng matatapos o magagawa namin ang aming tesis na ito. Pati na rin sina **Sr. Julie, Sr. Rhea, Sr. Cristine** at kay **Sr. Sol** maraming salamat po sa inyong mga dasal.

Lubos din akong nagpapasalamat kay **Sr. Mary Anne** sa kanyang walang sawang pagtulong at pagsuporta sa amin lalo na noong nangangailangan kami ng mga kalahok para sa aming pag-aaral. Salamat din dahil hindi mo ako iniwan noong panahong ako'y pasuko na. Nang dahil sa kabaitan at pagmamahal na pinaramdam mo sa akin ay itinuring kitang parang tunay kong nanay kahit sa maikling panahon lang tayo nagkakilala. Salamat po sa lahat-lahat ng naitulong mo sa amin para sa aming pag-aaral. Lalung-lalo na sa *concern* na ipinapadama mo sa akin kapag alam niyong hindi pa kami kumakain ng *lunch*. Maraming salamat din kay **Jochelle** na naging daan upang makilala ko si **Sr. Mary Anne.** Dahil sa kanya may nalapitan kaming madre upang tumulong sa amin sa paghahanap ng mga kalahok.

Una gusto ko ng magpasalamat sa kanya dahil hindi siya nagdalawang isip na piliin ako bilang isang *partner* sa tesis na ito. Sa aking *partn*er **Carla Gacusan Nimer** na lagi kong kasama para maisagawa ng maayos ang aming tesis. Salamat dahil ikaw ang naging sandalan ko sa paggawa ng pag-aaral na ito. Sa kabila ng mga problema at hirap na ating kinaharap sa paggawa ng tesis na ito ay nagawa nating mapangiti ang isat-isa. Napakalaking bagay sa akin na ako'y iyong napagtiyagaan. *Chubz* salamat at naging bahagi ka ng aking buhay. Kailangan ko man o hindi ang iyong tulong alam ko na lagi kang nandiyan para sa akin.

Sa aking minamahal at laging nandiyan para sa akin "Inang" **Victorina M. Caballero**. Sa aking mga tita na sina tita **Lydia, Lha-lha, Liby, Elma, Emy** at kay tito **Rodel** maraming salamat sa walang sawang pagsuporta at paggabay na ibinibigay ninyo

sa akin para sa pag-aaral namin. At kay **Rica** na sa tuwing may kailangan ako ay hindi rin nag-atubiling tulungan ako para sa aking pangangailangan.

Sa aking mga idol kuya **Arjay, Ariel, Arnel**, **Arvin** at Ate **Arline** na naging inspirasyon ko sa paggawa ng aming papel. Salamat sa pagbibigay pinansyal sa aking pangangailangan. Kayo ang aking naging lakas sa tuwing gusto ko ng sumuko sa laban kong ito. Salamat dahil sa kabila ng pagiging pasaway ko hindi kayo nagdalawang isip na tulungan ako upang makamit ko ang aking tagumpay na tinatamasa ngayon.

Sa aking minamahal na magulang **Luisito L. Dimafelix** at **Milagros C. Dimafelix** sila ang naging pangunahing pinanggagalingan ng *moral* at *financial support.* Salamat po sa mga paghihirap na ginawa niyo upang matulungan at matugunan ang aking mga pangangailangan. Maraming salamat din po sa paggabay at pagbibigay ng payo sa akin, lalo na sa oras ng aking pangangailangan, sa oras na ako ay naghihirap sa aming tesis ay hindi rin kayo umalis sa aking tabi bagkus ay ako'y inyong pinagaan ang kalooban at pinayuhan ng mga positibong pag-iisip at determinasyon. Kayo po ang nagbigay sa akin ng lahat-lahat kahit na kayo ay nahihirapan, at ito ay aking pinagpapasalamatan, ang aking tanging masasabi ay salamat, maraming-maraming salamat sa lahat-lahat at labis ko kayong minamahal. Ang inyong pagkalinga at pagmamahal na ibinigay sa akin ay aking itatanim sa puso at isip, dahil kung hindi kayo ang aking naging magulang ay hindi ko alam kung ano ako o kung ano ang mangyayari sa akin.

Sa ating panginoong Diyos salamat sa bawat pagsubok dahil mas tumibay at mas naging matatag ako sa pagharap ng lahat ng ito. At salamat sa wagas na pag-ibig mo.

## PASASALAMAT

Iniaalay ng mananaliksik ang bahaging ito sa lahat ng taong naging parte upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito. Buong puso niyang nais ipabatid ang kanyang walang hanggang pasasalamat sa pagsama sa kanya sa simula hanggang sa huli.

Lubos ang aking pasasalamat sa **Poong Maykapal** dahil ginawa niyang posible ang pagbuo ng aming tesis. Iniaalay ko po sa inyo ang aming naging tagumpay.

Sa aking nanay na si **Merly Nimer**, salamat sa pagpapaalala sa akin na kaya ko ito. Ang tiwalang ibinigay mo ang nagbigay determinasyon sa akin. Maraming salamat nay sa walang sawang pag-aalaga at pag-intindi sa akin, sa pagbibigay ng pinansyal at pagpapaalala, at higit sa lahat sa pagpaparamdam ng iyong hindi matatawarang pagmamahal na naging pangunahing inspirasyon ko para sa tesis na ito. Lubos ang aking pasasalamat dahil hindi ko naramdaman na wala akong ama dahil sa nag-uumapaw mong pag-aaruga. Ikaw ang taong hindi nagsawang ipakita na proud ka sa akin. Nais ko ding pasalamatan ang aking tatay na si **Ricky Nimer** dahil maaga ka mang nawala sa mundong ito, hindi naman natapos ang iyong pagiging ama sa akin dahil ang iyong ala-ala ang pinanghugutan ko ng lakas para makapagtapos. Maraming salamat din sa aking mga mabubuting kapatid na sina **Venus** at **Dat** dahil hindi ko lang kayo naging kapatid kundi naging kaibigan ko din kayo. Kasama ko kayo sa bawat hirap at magagandang kwento sa aking buhay kolehiyo. At sa buong pamilya **Gacusan** at **Nimer**, maraming salamat po sa inyong pagmamalasakit at suporta.

Sa aking partner sa tesis na si Arlene, salamat sa pagtitiyaga mo sa akin hindi lang sa tesis kundi sa lahat ng pagkakataon. Sa pag-intindi kapag nagsusungit ako dahil nahihirapan sa paggawa ng tesis at pati na rin pakikinig sa bawat kwento ko. Salamat

dahil lagi mong pinapaalala sa akin na malaki ang tiwala mo sa akin. Alam kong minsan gusto na natin pareho sumuko pero kapag kasama kita pinapasaya mo araw ko kaya nabubuhayan ulit tayo. Laking pasasalamat ko sa tesis na ito dahil nakahanap ako ng ikatlong kapatid na nagmalasakit sa akin. Fighting!

Maraming salamat kay Madam **Mylene Sacro** sa walang sawang paggabay at pagpapalakas ng loob. Hindi kami nagsisi na ikaw ang naging adviser namin dahil lagi mo kaming inaangat sa mga panahong nahihirapan na kami sa tesis, hindi mo po kami sinukuan at ginawa mo ang lahat para maging maganda ang kalabasan ng aming tesis. Sa aming mga naging tagasuri na sina Sir **Wawie Ruiz** at Sir **Robinson Lumontod III**, pati na rin sa naging tagapangulo sa kaguruan ng sikolohiya na si Sir **Angelo Dullas**, maraming salamat po sa paglalaan ng oras, pagbabahagi ng katalinuhan at pagbibigay ng payo na naging daan upang maging matagumpay ang aming tesis.

Salamat din sa aking mga tropa na sina **Jl**, **Joe**, **Ariane**, **Carol**, **Ella**, **Ivy** at **Nicole** na isang tawag lang kapag stress na ako sa tesis ay darating. Salamat din kay kuyatots **Nico** sa pagiging kuya sa akin at sa mga ala-ala na nagbigay sa akin ng motibasyon para magpatuloy sa kabila ng bawat pagkabigo. Gusto ko ding pasalamatan ang dalawang kuya ko na sina **Narz** at **Rico** na hindi nagsawang makasama ako ng apat na taon sa aking buhay kolehiyo. Salamat dahil pinaalala niyo sa akin na hindi ko dapat sukuan ang tesis na ito.

Maraming salamat kay tita **Mercy** na nagsilbing pangalawang nanay ko at napagsasabihan ko ng aking mga problema habang wala ako sa piling ng aking pamilya. Salamat din kay **Sr. Mary Ann** at **Sr. Julie** sa bawat dasal, pagmamalasakit at pagsuporta. Maraming salamat din kay **Kuya Kite** dahil naging mabuti kang kaibigan at

kuya sa akin kaya nakakalimutan ko kahit paano ang mga problema ko at napapagaan mo ang araw ko. Naniniwala akong mamakamit mo ang iyong pangarap na lagi mong sinasabi sa akin at isa ka sa naging inspirasyon ko sa tesis na ito.

Sa aming mga naging **kalahok** sa pag-aaral na ito maraming salamat po. Hindi po mabubuo ang aming tesis kung hindi dahil sa inyo. Maraming salamat dahil kahit sa maikling oras po na nagkasama tayo ay pinaramdam niyo na anak ang turing niyo sa amin. Godbless po.

Sa lahat ng taong naging bahagi sa kabanata na ito ng aking buhay, taos puso kong ipinababatid ang aking walang hanggang pasasalamat.

# TALAAN NG NILALAMAN


| | PAHINA |
|---|---|
| PAMAGAT | i |
| DAHON NG PAGPAPATIBAY | ii |
| ANG MAY AKDA | iii |
| PASASALAMAT | v |
| TALAAN NG NILALAMAN | xi |
| LISTAHAN NG MGA APENDISES | xiii |
| ABSTRAK | xiv |
| PANIMULA | 1 |
| Dahilan sa Pagpasok sa Kumbento | 2 |
| Proseso sa Pagmamadre | 3 |
| Buhay sa Kumbento | 4 |
| Buhay Pagkatapos Maging Ganap na Madre | 5 |
| Ang Kasalukuyang Pag-aaral | 6 |
| METODO | 8 |
| Disenyo ng Pag-aaral | 8 |
| Mga Kalahok | 8 |
| Instrumentasyon | 8 |
| Pamamaraan ng Pagkalap ng Datos | 9 |
| Pag-aanalisa ng Datos | 10 |
| RESULTA | 12 |
| Unang Kalahok | 12 |
| Ikalawang Kalahok | 20 |
| Ikatlong Kalahok | 29 |
| Ikaapat na Kalahok | 36 |
| DISKUSYON | 43 |
| KONKLUSYON | 54 |
| REKOMENDASYON | 55 |
| BATAYAN NG PAG-AARAL | 57 |

# LISTAHAN NG APENDISES


| APENDISES | | PAHINA |
|---|---|---|
| A | Gabay na Tanong | 62 |
| B | Repleksiyon sa Paggawa ng Tesina | 63 |

# ABSTRAK

**DIMAFELIX, ARLENE C.** at **NIMER, CARLA G.,** Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham, Central Luzon State University, Science City of Munoz, Nueva Ecija, Philippines, **HUNYO 2018, KARANASAN NG MGA MADRE.**

**Tagapayo: Mylene G. Sacro**

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibo at layuning pag-aralan ang karanasan ng mga madre kabilang na ang kanilang karanasan bago pumasok sa kumbento, habang nasa loob ng kumbento, at bilang ganap na madre. Sila ay nagmula sa kongregasyon ng *Dominican* at kasalukuyang nasa kumbento sa lalawigan ng Pangasinan. Ang mga mananaliksik ay nakipagkwentuhan sa mga kalahok at ginamit ang tematikong pag-aanalisa. Batay sa resulta, may ibat-ibang karanasan ang mga madre bago pumasok sa kumbento kabilang na ang pagtutol ng magulang at pag-iwan sa ibang pangarap katulad ng magkaroon ng sariling pamilya at magandang buhay. Ang pagmamadre ay sariling desisyon dahil naniniwala sila na ito ay tawag ng Diyos. Kasama sa naging buhay nila sa loob ng kumbento ang pangungulila sa kanilang pamilya. Natutunan nila sa loob ng kumbento na baguhin ang mga negatibo sa kanilang pagkatao pati na rin ang paagtanggap sa kanilang sarili. Malaki ang naging papel ng kumbento sa kanila bilang ganap na madre dahil namulat sila sa simpleng buhay, magmahal ng walang kondisyon, mas malalim na pagmamahal sa kapwa lalo na sa Diyos, at higit sa lahat nahanap nila ang kanilang totoong kaligayahan sa pamamagitan ng pagiging isang madre.

**Batayan ng Pag-aaral**

Bronk, K. C. et.al. (2009). Purpose, hope, and life satisfaction in three age groups. *The Journal of Positive Psychology*, *4*(6), 500–510.

Corwin, A. (2014). Prayer and Care: How Elderly Nuns Sustain Well-being. *UCLA Electronic Theses and Dissertations.*

Davies, M. F. (2007). Irrational beliefs and unconditional self-acceptance. II. Experimental evidence for a causal link between two key features of REBT. *Journal of Rational-Emotive & Cognitive-Behavior Therapy*, *26*, 89–101.

Deater-Decker, K. (2004). Parenting stress. *New Haven, CT: Yale University Press.*

Devaney, Br. J.M. (2014). Dominican Nuns and Mary, the Model of Contemplation. *Dominican nuns.*

Dryden, W., & Neenan, M. (2004). The rational emotive behavioural approach to therapeutic change. London: Sage Publications Ltd.

Euler, H. (2010). The Psychology of Families. U.J. Frey et al. (eds.), *Homo Novus – A Human Without Illusions*, 161. The Frontiers Collection, DOI 10.1007/978-3-642-12142-5_12, C_

Fischer, R. (2013). The Harvest of Ministry Exploring the Ministry of Catholic Sisters. *Journal of Religion and Society.* ISSN 1522-5668. Volume 15.

Fredrickson, B. L. (2013). "Positive emotions broaden and build," in Advances in Experimental Social Psychology, Vol. 47, eds E. A. Plant and P. G. Devine (San Diego, CA: Academic Press), 1–53.

Fredrickson, B. L., and Levenson, R. W. (1998). Positive emotions speed recovery

from the cardiovascular sequelae of negative emotions. Cogn. Emot. 12, 191–220. doi: 10.1080/026999398379718.

Gautier, M. (2014). New Sisters and Brothers Professing Perpetual Vows in Religious Life: The Profession Class of 2013. *A Report to the Secretariat of Clergy, Consecrated Life and Vocations United States Conference of Catholic Bishops.*

Gautier, M., & Gaunt, T. (2016). New Sisters and Brothers Professing Perpetual Vows in Religious Life: The Profession Class of 2015. *A Report to the Secretariat of Clergy, Consecrated Life and Vocations United States Conference of Catholic Bishops.*

Gervais, C., & Watson, A. (2014). Discipline, Resistance, Solace and the Body: Catholic Women Religious' Convent Experiences from the Late 1930s to the Late 1960s. *Religions* 2014, *5*, 277–303; doi:10.3390/rel5010277.

Heathwood, C. (2006). Desire Satisfaction and Hedonism. *Philosophical Studies*, 128:539–563 DOI 10.1007/s11098-004-7817-y.

Hoskins, D.H. (2014). Consequences of Parenting on Adolescent Outcomes. *Societies*, *4*, 506–531; doi:10.3390/soc4030506, ISSN 2075-4698.

Lavasani, M., Borhanzadeh, S., Afzali, L., & Hejazi, E. (2011). The relationship between perceived parenting styles, social support with psychological well- being. *Procedia Social and Behavioral Sciences* 15 (2011) 1852–1856.

Maddi, S. R. (1998). Creating Meaning through making decisions. In P.T.P. Wong & P.S. Fry, (Eds.). *The human quest for meaning. A handbook of psychological research and clinical applications* (pp. 3–26). Mahwah, N. J.: Erlbaum.

Marcoccia, A. (2014). The identity of American Catholic women religious: A qualitative study of identity narratives in an American apostolic religious community. *Electronic Theses and Dissertations.* Paper 5098.

Martikainen, L. (2009). The many faces of life satisfaction among Finnish young adults'. *Journal of Happiness Studies*, 10(6), 721–737. doi:10.1007/s10902-008-9117-2.

Napolitano, V. (2013). The Atlantic Return and the Payback of Evangelization. Vol. 3, no. 2, 207-221 | URN: NBN:NL:UI:10-1-114482

Nelson, M. (2016). Creating spaces of third gender in eighteenth-century new spain: representations of gender in portrait prints of mexican colonial nuns. *Latin American Studies ETDs.* Paper 18.

Pichler, E.A. & Hemetsberger, A. (2007). Hopelessly devoted to you: Towards an extended conceptualization of consumer devotion. *Advances in Consumer Research*, 34, 194-199.

Sarkar, A. & Sarkar, J.G. (2015). The Marketing Review: Development of a theoretical framework for brand devotion. Vol.15, no.2.

Selye, H. (1955). Stress and disease. *Science,* 122: 625-631.

Scalia, E. (2016). Sisters, nuns, aspirants, postulants, novices: What does it all mean? *Voices and Views.*

Vallerand, R. (2008). On the Psychology of Passion: In Search of What Makes People's Lives Most Worth Living. *Canadian Psychological Association.* Vol. 49, No. 1, 1–13, 0708-5591/08/$12.00 DOI: 10.1037/0708-5591.49.1.1

Veenhoven, R. (2009). "How do we assess how happy we are? Tenets, implications and tenability of three theories," in Happiness, Economics and Politics, eds A. Dutt and B. Radcliff (Cheltenham: Edward Elger), 45–69.

Wilson, T. & Dunn, E. (2004). SELF-KNOWLEDGE: Its Limits, Value, and Potential for Improvement. Annu. Rev. Psychol. 55:17.1–17.26. doi:10.1146/annurev.psych.55.090902.141954.

Woolfolk, R. L., Novalany, J., Gara, M. A., Allen, L. A., & Polino, M. (1995). Self-complexity, self-evaluation, and depression: An examination of form and content within the self-schema. *Journal of Personality and Social Psychology*, *68*,1108–1120.